

NANAY

Eli Rueda Guieb III

TAHIMIK NAMING PINAGMAMASDAN ANG PAYAPA NIYANG paglisan. Pero abala ang mga doktor at nars sa pagpigil sa kaniyang paglisan. Malayo kami sa kama, pero si Joy, ang kapatid kong madre, nasa gilid ng kama ni Nanay, binubulungan, inuusalan si Nanay ng mga tahimik na dasal, ginagabayan siya sa kaniyang pag-alis. Ito na nga yata ang panahong iyon, sabi ko sa aking sarili.

May boses ng lalaki na nanggaling sa may gawing pinto ng I.C.U. “Boss, tapos na ang visiting hours.” Hindi namin pinansin ang pagpapaalis sa amin ng guwardiya. Isa pang babala buhat sa kaniya: “Lagpas na po kayo.”

Lumingon ako sa guard, nagmumura ang utak ko. *Respetuhin mo naman ang mga sandaling ito*, sabi ng utak ko sa guwardiya. Pero iniwasan kong magalit. Walang puwang ang galit sa mga panahon ng pamamaalam, sa mga panahon ng mga tiyak na paglisan.

“Dumadaan kami sa isang proseso. Nagpaalam kami sa mga doktor,” mahinahon ang aking sagot sa guard, pero may diin, may pahiwatig ng galit sa kaniyang kawalan ng respeto sa mga natitirang sandali ng aming pamilya sa yumayao naming nanay. Humangos ang isang nars palapit sa guard, kinausap siya nang halos pabulong. Maingat na isinara ng guard ang pinto.

Buti na lang at hindi ko minura ang guard. Naalala ko si Tatay. Guwardiya rin si Tatay. Buong buhay ng pagiging tatay niya ay nagbantay siya sa NIA (National Irrigation Administration), sa main office nito sa Quezon City, sa mga compound nito sa Port Area sa Maynila, at sa opisina nito sa Bulacan

noong doon na siya nagpa-assign para malapit sa bahay namin sa Baliuag. Sabi ko sa sarili ko, sana, sana, ni minsan ay hindi minura si Tatay ng kaniyang mga binabantayan o ng mga pamilya ng kaniyang binabantayan. Sakali mang hindi nahiwatigan ni Tatay ang ilang mga sensitibong emosyon at pagkakataon, sana ay inunawa siya ng mga tao sa kaniyang paligid, na ginagampanan lang naman niya ang kaniyang trabaho.

Alam kong ginagampanan din lang ng guwardiya sa ospital ang kaniyang trabaho, kaya hindi ko siya minura, kaya pinigilan ko ang sarili ko na magalit sa kaniya.

“Hindi kayo magbabago ng inyong desisyon?” baling sa amin ng doktor na naghahabol sa buhay ni Nanay. Medyo na-disorient ako sa tanong na iyon. Nagdesisyon na kaming magkakapatid sa iba’t ibang scenario ng kondisyon ni Nanay. Bawat scenario ay may mga responses na kami. Bawat scenario ay alam na rin ng mga doktor kung ano ang aming mga desisyon at pahintulot na puwede naming ipagawa sa kanila.

May nag-atubili sa loob ko nang tanungin kami ng doktor. Pero sabi ko sa sarili ko, nasa letting-go mode na kami. Kailangan na rin naming tanggapin na iiwanan na kami ni Nanay, at pinapayagan na namin ang kaniyang pag-alis, na kaming magkakapatid ang magdedesisyon kung papayagan naming dugtungan pa ang buhay ni Nanay ng kung anu-anong aparato na may kapasidad na mag-extend ng buhay ng gusto-nang-mamahingang katawan ni Nanay.

Ang bigat pala ng desisyong iyon, na kilalanin naming magkakapatid na sa amin ipinapaubaya ng mga doktor kung anong ekstensiyon ng buhay ang ipapahintulot namin kay Nanay. Naisip ko, sana, hindi mali ang aming desisyon, ang aming mga desisyon. Sabi ko kay Nanay, sa sarili ko lang, sa utak ko lang, *‘Nay, kung mali ang aming desisyon, patawad.* Hindi ko akalaing sa mga huling sandali ni Nanay, kami ang gagawa ng desisyon para sa kaniyang buhay – at kamatayan. Tanong ko sa sarili ko, trabaho ba ito ng isang anak? Bahagi ba ito ng responsibilidad ko kay Nanay? Ang payagan siyang mamatay? O desisyunan kung kailan siya mamamatay?

Ganoon lang siguro ang buhay. May yugto sa buhay na dapat ilaan hindi lang para sa kamatayan kundi maging sa proseso ng paghantong sa kamatayan.

Tatlo lang kaming magkakapatid ang nasa I.C.U. nang mga oras na iyon. Tinetext na rin ng kapatid kong si Reymon ang dalawa ko pang kapatid (sina Susan at Rogel) tungkol sa nag-aagaw-buhay na kondisyon ni Nanay.

Nasa ibang bansa si Regin, ang bunso namin. Ineexpect na rin naming makakauwi siya mula Mexico, pero mukhang hindi na niya aabutan pang buháy si Nanay. Wala pang isang taong nasa Mexico si Regin. Tinext na rin niya si Auntie (ang natitirang kapatid ni Nanay), ang mga pinsan namin at mga kamag-anak.

Nag-aagaw-buhay nga ba ang tamang termino para sa mga sandaling iyon sa buhay ni Nanay? O pagpapalit-buhay? O pag-aalis ng buhay? O paglilipat-buhay? Pagsasakabilang-buhay? Hindi ko alam. Ayoko na munang alamin. Ayokong alamin.

Paano bang tinetext ang pag-aagaw-buhay? O pagsasakabilang-buhay? Ayoko na ring tanungin pa ito sa kapatid ko.

Noong gabling iyon ay sasabihin sa akin ni Auntie ang ironiya ng eksenang iyon sa I.C.U. Ako, si Reymon, at si Joy, kami ang tatlong anak ni Nanay na laging wala sa bahay sa mahabang panahon ng kaniyang pagkakasakit, at kaming tatlong magkakapatid ang kasama ni Nanay sa mga huling sandali ng kaniyang buhay.

Pitong taong bed-riddem si Nanay. Nang ma-stroke siya noong undas ng 2001 ay naparalisa na ang kalahati niyang katawan. Nang umagang iyon ay nagpunta siya sa sementeryo, sa libingan ni Tatay, ni Mama (ang kaniyang *inda* [nanay]), ni Lolo (na kaniyang stepfather), ng kaniyang panganay na kapatid at ng iba pang mga kamag-anak. Pagkapananghali ay umuwi na siya at kami naman ang pumalit sa kaniya sa sementeryo. Nagkataong umuwi uli ang bunso naming kapatid at nakita si Nanay sa bahay, mag-isa, nakahiga, nanlalata at hindi na makausap nang matino, kaya't agad siyang isinugod ng aking kapatid sa ospital. Stroke na pala iyon. At buhat noon ay tuluy-tuloy nang bedridden si Nanay. Ironikal na ang pinakahuling sandali ng kaniyang kalakasan ay ginugol niya sa pag-aayos ng mga bulaklak sa libingan ng kaniyang mga mahal sa buhay at sa pagbibigay-galang sa kanilang mga alaala.

Noong mga unang buwan pagkatapos ng stroke ay nag-physical therapy si Nanay, pero nakakailang buwan pa lang ay inayawan na niya iyon, kahit ang physical therapist na mismo ang nagpupunta sa bahay. At kahit anong pilit namin sa kaniya na ipagpatuloy ito ay ayaw niyang pumayag. Hindi na siya naka-recover sa kondisyon niyang iyon.

Ilang araw pagkatapos niyang ma-stroke ay umalis ako papuntang Montreal, sa McGill University, para simulang aking Ph.D. sa anthropology. Hindi ko na maaari pang ipagpaliban ang aking pag-alis. Pangalawang

pagpapaliban ko na iyon kung sakaling hindi ko pa iyon itutuloy. Bago ako umalis ay kinausap ko pa si Elvie, ang isa sa mga pinakamalapit kong pinsan, kung tama ang desisyong ginawa kong tumulak pa rin sa pag-aaral sa kabila ng kondisyon ni Nanay. Sabi niya ay ipagpatuloy lang ang mga bagay na dapat ipagpatuloy kahit na nagkaganoon si Nanay, dahil hindi lang naman daw akong mag-isa ang magdadala ng gayong responsibilidad. Sabi niya, marami kayong magkakapatid, marami tayong magkakamag-anak, na hindi pababayaan si Nanay. Isa si Elvie sa napakaraming kamag-anak na ilang taon ding tumira sa bahay namin sa Baliuag noong aming kamusmusan at kabataan.

Kaya noong una akong umalis ay mabigat ang aking loob dahil tila mas inuna ko pa ang responsibilidad ko sa aking sarili kaysa pananagutan kay Nanay sa panahong kailangan niya ang aking kalinga. Pero taon-taon ay umuuwi ako. At sa bawat pag-uwi at muling pag-alis ay laging may pangamba sa aking kalooban kung magkikita pa kaming muli ni Nanay – nang kapuwa buháy.

At sa bawat pag-uwi – na inaabot rin ng dalawang buwang fieldwork sa Bohol at ilang araw na pag-aalaga kay Nanay – ay nakita ko ang dahan-dahang pagbagsak ng kaniyang katawan. Nakita ko kung paanong dahan-dahang nginatngat ng diabetes ang pisikal niyang katawan, ang malalaking pagbabago sa kaniyang pagkatao, ang malalaking pagbabago sa aming mga pagkatao, ang pagbagsak ng aming kabuhayan, ng lahat ng aming kabuhayan para isalba si Nanay. Ang pinakamasakit, naramdaman ng aming pamilya kung paanong nginatngat ng sakit na iyon ang aming mga emosyon, mga emosyong yumayanig sa pagkatao, mga emosyong madalas ay hindi sinasadyang makasasakit sa kalooban ng aming mga sarili at maging sa kalooban ni Nanay, at kung paanong sinabayan ng aming mga emosyon ang pagbuwag sa mga sariling emosyon upang panatilihin buháy ang lahat ng puwedeng panatilihin buháy sa panahon ng panunulay sa kamatayan.

Mahabang panahon iyon ng pamamaalam. Pamamaalam sa isa't isa. Pamamaalam din sa sarili. Pamamaalam sa sarili habang patuloy na tumatangan sa tiwala sa kung anuman ang natitira pa sa sarili. Pamamaalam iyon na sinabayan ng mga hindi-ginustong pag-uungkat ng mga pagkakamali ng magulang, ng marami ring pagkakamali at pagkukulang naming magkakapatid. Mahabang panahon iyon ng paninimbang ng kung ano ang puwede, ng kung ano ang dapat, ng kung ano ang naging dapat sana, ng kung ano ang puwede sana, ng kung ano ang puwede pa.

Noong 2008, habang tinatapos sa Montreal ang aking disertasyon, ay chinikka-text sa akin ng aking kapatid na delikado na ang kondisyon ni Nanay. Walang lubay ang pakikipagchikka-text ko sa kanila para sa mga update sa kalagayan ni Nanay. Halos hindi na rin ako natutulog dahil laging kinakailangang subaybayan ang malalang kondisyon ni Nanay. Ilang phone card ang aking binili para laging makatawag sa bahay.

Noong nire-revive si Nanay, itinapat ni Susan, ang pangalawa sa aming magkakapatid, ang kaniyang cellphone sa tenga ni Nanay para makausap ko siya. I love you, ‘Nay, sabi ko kay Nanay sa telepono. Maraming salamat, ‘Nay. Hagulgol ako nang hagulgol habang nagpapaalam sa kaniya. Naririnig ko sa kabilang phone ang pag-ungol ni Nanay. Hindi ko alam kung naiintindihan niya ang mga sinasabi ko sa kaniya.

Dalawang araw akong iyak nang iyak, mag-isa, sa masikip na basement na inuupahan ko sa Montreal. Hindi ako agad nagdesisyong umuwi dahil naagapan naman daw si Nanay. Pero nagdesisyon pa rin akong umuwi, hindi tiyak kung babalik pa sa Montreal, hindi tiyak kung tatapusin ko pa ang aking Ph.D., depende sa magiging sitwasyon ng pamilya. Ilang linggo na lang, deadline na ng aking disertasyon, pero hindi na iyon importante. Ang mabigat pa, kapag hindi ko ma-meet ang deadline ay babawiin ng unibersidad ang dissertation writing grant na natanggap ko buhat sa McGill. Ibig sabihin ay ibabalik ko ang perang ipinangtustos sa aking huling taon ng pananatili sa unibersidad. Pero noong mga sandaling iyon, mas mahalaga ang mahabol kong buháy si Nanay. Nagpaalam ako nang maayos sa aking adviser, sa mga miyembro ng aking academic panel, at sa opisina na nangangasiwa ng aking writing grant. Nauunawaan raw nila ang aking kondisyon. Pinahintulutan nila akong umuwi, at saka na lamang daw namin pag-usapan ang commitment ko sa pagtatapos ng aking disertasyon. At buti na rin lang at may sapat akong perang pamasahé pauwi.

Mag-aalas dose na ng gabi nang dumating ako sa Maynila buhat sa Montreal. Dumiretso ako sa ospital, sa Capitol Medical sa Quezon City. Hindi ko na kinailangan pang makiusap sa guard na papasukin ako sa ospital, naabisuhan na sila ng kapatid ko, at naintindihan naman nila ang sitwasyon. Nakita naman nilang may tatak pa ng airport ang taxing sinakyan ko. Sampung minuto akong pinayagan ng attending physician na makausap ko sandali si Nanay. Gising si Nanay nang dumating ako. Hinalikan ko siya agad sa pisngi, sa noo. Nagpasalamat uli sa kaniya. I love you, ‘Nay, sabi ko uli sa kaniya. Conscious si Nanay nang mga oras na iyon. May konting saya

sa aking loob na nakilala pa niya ang bumalik niyang panganay. At may saya rin sa aking loob na inabutan ko siyang buháy.

Ilang araw buhat nang dumating ako, bukod sa pagproseso ng mga emosyon, ay maraming bagay ang inasikaso at inisip. Higit sa lahat, kung saan kukuha ng pambayad sa mataas na bill sa ospital. Nang manawagan ako ng dugo para ipampalit sa stock ng ospital na gagamitin para kay Nanay, isa-isang nagdatingan ang mga kaibigan buhat sa U.P. Lakay Kalikasan Mountaineers, ang mountaineering group na kinabibilangan ko sa unibersidad, para mag-donate ng dugo. Ang mga kaopisina at kaibigan ng aking mga kapatid, pati mga kalaro namin noong bata pa kami, nag-ambag rin ng dugo. Hindi ako nahiyang manghingi ng pera sa mga kaibigan. Sabi ko, hindi ako nangungutang, nanghihingi ako. Hindi ko kayang mangutang, dahil wala na kaming kapasidad na magbayad. May mga kaibigan na nag-announce sa mga e-groups at nanawagan sa ibang mga kaibigan, nanghingi ng mga donasyon, ng kahit na anong tulong.

Sinimulan rin naming asikasuhin ang paglapit naming muli sa PCSO (Philippine Charity Sweepstakes Office). Pangalawang beses na iyon ng paghingi namin ng tulong sa PCSO. Ang una ay noong isang pagkakaospital ni Nanay noong 2006.

Buhat nang ma-stroke si Nanay noong 2001 ay taon-taon na siya halos naoospital. Sa loob ng isang taon, minsan ay tatlong beses siyang nako-confine. Noong mga unang taon ng kaniyang pagkakasakit ay nakakaya pa naming i-private room si Nanay sa iba't ibang ospital sa Bulacan. Pero simula noong 2004 ay bagsak na financially ang aming pamilya. Naibenta na namin ang lahat ng puwedeng ibenta. Kahit ilang gamit sa bahay ay ibinenta na rin namin. Ang mga lumang gamit sa bahay na minana pa nina Nanay at Tatay sa kanilang mga ninuno, mga gamit na pinamahayan na ng maraming gunita, ay pinagsikapan din naming ibenta. Karamihan sa mga luma naming gamit ay hindi namin naibenta dahil masyadong mababa ang tawad ng mga bumibili, mga buyer na parang walang respeto sa gunita ng mga gamit na iyon. Kahit mga old coins na minana ko pa sa lolo ko sa Tatay ay pinag-isipan na rin naming hanapan ng buyer, bagamat wala kaming nakitang buyer na marunong rumespeto sa gunita ng mga bagay na iyon.

Mula noong 2004, kapag naoospital si Nanay, lagi na lang siya sa ward. Bukod sa gastos sa ospital ay ang mataas na gastos sa medical maintenance ni Nanay at ang gastos para sa regular checkup. Hanggang kahit pamasah

papuntang ospital ay wala na kaming mailabas. Kahit sariling pagkain ng pamilya ay hindi na rin namin matustusan. Ilang beses na rin kaming naputulan ng koryente dahil hindi na namin ito mabayaran sa tamang oras. Pati internet connection sa bahay ay hindi na rin namin na-sustain. Sa katunayan, maging ang lupang kinatitirikan ng aming bahay, at ang bahay kung saan kami nakatira, kung saan nakatira si Nanay, ay nakasanla na rin, subalit nagawan ng paraan ng pamilya na matubos noong bago naging lubusang lumala ang kondisyon ni Nanay, dahil isa ito sa mga bagay na hindi dapat mawala. Maging ang natitira nilang lupa sa Duyong (sa San Simon, Pampanga) na minana pa niya sa kaniyang *inda* (na aming lola), na minana naman ng kaniyang *inda* sa kaniyang ama (na aming *apú*) ay naisanla na sa bangko, na hanggang mamatay si Nanay ay hindi na namin natubos. Hinanapan ko na rin ng buyer ang lupa sa Pampanga na binili ko kay Auntie (na kaniyang kapatid) noong kaga-graduate ko pa lang sa college. May gustong bumili pero natakot akong itapon na lang basta ang gunita ng lupang iyon. Doon kami paminsan-minsang nagbabakasyon tuwing tag-araw noong aming kabataan. Ngunit sa bandang huli ay napilitan na rin akong ibenta iyon sa isa kong pinsan.

At ang masakit, kahit ang regular checkup ni Nanay ay hindi na rin nagagawa. Kung pamasaha ay hindi na kaya, iyon pa kayang ipambabayad sa doktor o regular na ipambibili ng insulin at marami pang gamot?

Maraming kamag-anak at kaibigan ang nagbigay ng tulong sa aming pamilya: gatas, pagkain, vitamins para kay Nanay, ilang kilong bigas, madalas ay pera para sa pagkain ni Nanay, mga kontribusyon ng mga kaibigang Filipino sa Montreal, mga panalangin buhat sa maraming kaibigan at kasamahan ng kapatid kong madre sa Missionaries of the Immaculate Conception.

Hindi ko malilimutan nang minsang magpunta sa Duyong ang dalawang pinsan ni Nanay (sina Nanang Poeng at Nana Linda) para manghingi ng pera sa mga kamag-anak namin doon. Maiyak-iyak ako nang iabot sa akin ng aking mga tiyahin ang nalikom nilang pera buhat sa mga kamag-anak naming magsasaka: kulang-kulang five thousand pesos. At may pahabol pang ilang sako ng bigas para kay Nanay. Pasensiya raw at iyon lang ang kanilang maiaambag sa amin. Sabi ni Nanang Poeng at Nana Linda: ‘yan lang ang puwede naming tulong, ‘yung ipanghingi si Ate Bele [si Nanay], dahil wala rin naman kami. Isa iyon sa hinding-hindi ko malilimutang ambag kay Nanay. Hindi ko alam kung paanong gagantihan ng pamilya ang

ganoong taos-pusong kabutihang-loob at sinserong kababaang-loob ng mga kamag-anak namin sa Duyong.

Ubos na ang retirement money na natanggap ni Nanay sa pagseserbisyo sa gobyerno. Clerk si Nanay sa Registry of Deeds. Noong bata kami, sa Pasig siya naka-assign. Nang lumipat ang pamilya sa Baliuag noong 1970s, araw-araw ay pumapasok siya sa Pasig at araw-araw ding umuuwi sa amin sa Baliuag. Pero di nagtagal ay pinayagan din siyang ma-assign sa opisina nila sa Bulacan, sa Malolos. Buong buhay ng pagiging nanay ni Nanay ay ginugol niya sa opisinang iyon.

Sa unang lapit namin sa PCSO noong 2006, kung tutuusin ay maliit na halaga na lang ang kailangan namin, halos P30,000 lang. Hindi naman kasi namin inisip kailanman na lumapit sa PCSO, kahit na noong halos ibenta na namin ang aming mga kaluluwa matustusan lang ang lahat ng medical needs at hospital bills ni Nanay. Dahil tingin namin ay baka hindi naman kami pansinin. Paano kaming papansinin e lahat kaming anim na magkakapatid ay may mga trabaho, liban sa akin na noong mga panahong iyon ay umaasa lang sa scholarship, at ang kapatid kong madre na nakasandig ang buhay sa kawanggawa. Lahat ng mga naunang pagkakaospital ni Nanay, maging noong unang putulan ng binti si Nanay noong 2005 o 2006 ay hindi kami lumapit sa PCSO. Mahigit one-hundred thousand din ang nagastos namin sa unang pagputol sa binti ni Nanay. At sa bawat pagkakaospital ay halos fifty-thousand ang aming nagagastos. At buwan-buwan ay kailangang makapaglabas ng halos thirty-thousand para maipagpatuloy ni Nanay ang kaniyang buhay. Lahat ng iyon ay iniasa muna namin sa aming sariling kakayahan, sa lahat ng tulong na ibinigay ng mga kamag-anak, kaibigan at kakilala. Noong talagang walang-wala na ay doon ko na-realize na may limitasyon rin maging ang pag-asa sa sariling kakayanan. Nauubos rin pala ang pagtitiwala – at pagsandig – sa sarili. Parang may mali sa pananaw na iyon, pero iyon ang katotohanan ng aming buhay noong mga panahong iyon.

Ang pinakamasakit tanggapin ay ang conscious na pagbitiw sa mga responsibilidad sa mga sarili kong anak para tugunan ang responsibilidad sa sarili kong magulang. Hindi ko na inalam kung kaya iyong unawain ng aking asawa. Sabi ko na lang sa loob-loob ko, may sasalo naman sa mga anak ko, walang ibang sasalo sa Nanay ko kundi kaming mga magkakapatid. Sa panahong magkakambal ang bahay at ospital, sa panahong ang kahulugan ng buhay ay ang paghahabol sa buhay ng nagbigay sa akin ng buhay, hindi na

importante para sa akin kung may uunawa pa sa akin. Kahit anong kasalanan ang ibato sa akin ninuman, kahit na anong akusasyon ng pagkukulang ang iparamdam sa akin ninuman, tinanggap ko ang lahat ng iyon nang tahimik, nang buong pagpapakumbaba. Ang tanging importante para sa akin ay unawain ko ang kondisyon ni Nanay. Ironikal pala ang pagkukulang. Ironikal din ang pang-unawa – at pag-unawa.

Isa sa pinakamasakit na naranasan ko ay nang tapunan ako ng sobre ng pera ng isang tao na inakala kong makatao. Ang taong iyon ay kaibigan ng marami kong kaibigan. Nanghihiram ako noon ng pera sa kaniya para ipandagdag sa bill ng ospital. Nagpaunlak naman siya ng pera. Pero wala na rin talaga akong iba pang mapagkukunan ng pampuno sa iba pang kakulangan (dahil halos lahat ng puwede kong lapitan ay nalapitan ko na), kaya nanghiram ako ng dagdag pang pera. Nakita ko kung paano siya sumimangot. Inilabas niya buhat sa kaniyang bag ang isa pang sobre ng pera at inihagis iyon sa bakanteng kamang katabi ng kamang hinihigaan ni Nanay sa ward ng ospital. Sa normal na sitwasyon ay hindi ko iyon tatanggapin. Puwede namang sabihin nang maayos kung talagang hindi na puwede, at mauunawaan ko iyon. Kahit labag sa aking loob, kahit may pakiramdam akong bagsak na bagsak na ang aking pagpapakumbaba, kahit wasak na wasak na ang aking dignidad, kahit alam kong pagpaparamdam na iyon ng aking kawalang-silbi, ay tahimik at malumanay kong dinampot ang sobre ng pera.

Ibang-iba ang eksenang iyon sa isang kaibigang kasalukuyan ring dumaranas ng paninimbang sa buhay at kamatayan (na noong mga panahong iyon ay katatapos lang operahan). Naglakas-loob pa rin akong manghiram sa kaniya, at prinangkang hindi ko tiyak kung kailan ko siya mababayaran, pero tiniyak kong babayaran ko siya. Pinahiram niya ako ng malaking halaga. Ang kaibigan kong iyon ay hindi gusto ng marami kong kaibigan.

Sabi sa akin ng isa kong nakausap sa pila sa opisina ng PCSO (sa una naming pagtatangkang lumapit sa PCSO), sana raw ay noon pa kami lumapit. Sabi ko, pinagsikapan muna kasi talaga namin.

At noon ngang sagutin ko ang tanong ng isang staff sa PCSO kung ano ang trabaho ko, ang sabi ko, wala. Kitang-kita ko sa mukha ng nag-iinterbiyu sa akin na hindi siya makapaniwala, na parang niloloko ko siya. Hindi ko rin naman masisi ang reaksiyong iyon. Hindi naman ako mukhang gusgusin, hindi rin mukhang walang alam kung magsalita. Sa madaling salita, parang hindi naman ako indigent. Kumbaga, wala sa akin ang estereotipikal na

imahen ng isang kapos na kapos sa buhay. Sabi ko, on scholarship ako. Nang ipinakita ko ang aking student I.D., lalong kumunot ang kaniyang noo. Sinalo ko agad ang nakita kong pagtataka niya. Sabi ko, nasa Canada nga ako, pero hindi ako nagtatrabaho, nag-aaral ako. Lalo nang nagmukhang gulantang ang mukha ng nag-iinterbiyu sa akin.

Mukhang tama ang ilang mga nakausap ko sa pila sa una naming lapit sa PCSO, mga kapuwa kong nanglilimos ng grasya. Sabi nila, matuto daw akong maglihim ng ilang impormasyon. Huwag ko raw sabihin na nasa abroad ako o may kamag-anak na nasa abroad. Huwag ko rin daw sabihin na lahat ng kapatid ko ay may trabaho, at kung ano ang pinagkakakitaan ng kanilang mga asawa at ng aking asawa. Sabi nila, mahirap daw ipaunawa sa mga nagbibigay ng limos kung bakit hindi pa rin kasya ang lahat ng suweldo ng kapatid at ambag ng mga kamag-anak at kaibigan, maging tulong ng mga nasa ibang bansa, upang tugunan ang lahat ng gastos sa ospital. Kumbaga, matuto raw akong magdrowing ng kahirapan sa isip, sa salita at sa gawa.

Hindi ko kinayang magdrowing. Honesty pa rin ang pinakapundasyon ng pakikipagkapuwa, kahit sa panahong umaamot ng grasya at unawa. Punung-puno ng mangha ang mukha ng kausap kong taga-PCSO. Umalis akong hindi umaasa ng kahit magkanong sentimo.

Inilabas namin ng ospital si Nanay noong 2006 na iyon nang hindi ko na matandaan ngayon kung paano kami nakalikom ng thirty thousand. Pagkaraan ng halos apat na buwan (nakabalik na uli ako noon sa Montreal), nakatanggap ng sulat ang aking kapatid buhat sa ospital, may cheke daw kaming matatanggap, reimbursement buhat sa ospital dahil sinagot ng PCSO ang halos 50% ng gastos sa ospital. Fifteen thousand. Katumbas siguro iyon ng lahat ng itinaya ng pamilya namin sa lotto.

Maraming ospital na pinagdaanan si Nanay. Aaminin ko, may isang ospital sa Bulacan, sa Pulilan, na natutuhan kong isumpa. Paano kong hindi isusumpa, pati senior citizen privileges ni Nanay, mukhang binabawi sa ilang nakakubling expenses. Noong may mga hindi maipaliwanag na expenses na nasa bill, humingi ako ng paliwanag buhat sa isang may mataas na tungkulin sa ospital. Kung ano-ano ang isinasagot sa akin. Ang isang sagot na talagang nagpainsit ng ulo ko ay nang sabihin niya sa akin na ginagawan nila ng paraan na mabawi sa ibang expenses ang nakakaltas na senior citizen privileges ng nanay ko. Minura ko talaga ang kausap ko. Anong karapatan ninyong nakawin ang karapatan ng nanay ko? Gusto kong lumusob sa Department of Health para gawan ng paraan na tanggalan ng lisensiya ang ospital na iyon.

Pero sa isang sitwasyong mas kailangang nakatuon ang emosyon at panahon para kay Nanay, pakiramdam ko ay walang puwang ang mga karapatan kong magkuwestiyon sa pagnanakaw ng iba sa karapatan ng nanay ko. Sabi ko sa sarili ko, sana ay mas may taláb ang sumpa kaysa batas.

Minsan naman, sa pareho ring ospital, ay inisyuhan ako ng isang resibo, iyong tipo ng resibo na nabibili sa palengke. Temporary receipt daw iyon sa bayad sa services ng isang doktor. Kahit National Bookstore ay hindi nagtitinda ng ganoong klase ng resibo. Nang humingi ako ng totoong resibo, hindi raw puwede dahil hindi naman daw sa kanila ang doctor's fee. Humingi ako ng kahit na anong papel na may official logo ng ospital, pati TIN nila, bilang sertipikasyon na nagbayad na nga kami ng fee ng doktor. Sinadya ko nang magtaas ng boses dahil talagang kailangan nang eskandaluhin ang buong ospital. Nilapitan pa ako ng guard. Pinatawag ko ang pinakamataas na opisyal ng ospital at siya lang, sabi ko, ang kakausapin ko. Wala daw. Mukhang tanga talaga ang kausap ko. Ang ibig kong sabihin, kung sinong pinakamataas na opisyal ninyo na nandidito ngayon sa ospital! Di nagtagal, lumapit sa akin ang isang representative daw ng kanilang finance. Sabi ko, hindi ko kayo kinikilala, pero dahil ikaw ang lumapit sa akin, bigyan mo ako ng resibo o anumang certificate na may official logo ng ospital na nagsasaad na binayaran ko ang fee ng doktor. Napilitang magprint ng certificate ang kausap ko, may fancy letterhead ng kanilang ospital.

Buhat noon, tuwing mapapadaan ako sa billing office, nawawala ang mga tao sa opisina o kaya naman ay matagal bago ako harapin. Minsan, nakita kong nakabuyangyang sa isang desk ang resibong nagreresibu-resibuhan. Minsan, nakita ko ring inisyu ang ganoong klase ng resibo sa isang ale, na walang karekla-reklamong tinanggap ang resibu-resibuhan. Sa loob-loob ko, sana, kapag namatay kayong mga empleyado ng ospital na ito o iyong mga stockholders ng ospital na ito, sana ay hindi resibu-resibuhan ng palengke ang ibigay sa inyo ng Diyos bilang patunay ng inyong mga naging buhay sa lupa.

Ang pinakahuling eskandalo na ginawa ko sa ospital na iyon ay noong ililipat na namin ng ospital sa Quezon City ang Nanay ko. Mahinahon akong humingi ng wheelchair. Ten minutes, wala pa ang wheelchair. Nagsabi uli ako sa nars. May darating na raw. Twenty minutes, wala pa rin. Nagsabi uli ako sa nars. Darating na raw. Nagtitimpi pa rin ako. Sabi ko sa sarili ko: magpasensiya ka lang, ward lang kayo, wala kang karapatang mag-demand. Pero sagot ko rin sa sarili ko: wheelchair lang naman ang hinihiling ko.

Meron naman kaming sariling wheelchair na ibinigay ng isa kong pinsan para kay Nanay, hindi nga lang namin dala nang mga oras na iyon.

Pero mag-iisang oras na, wala pa rin ang wheelchair. Kailangan na naming mailipat si Nanay sa Quezon City. Nagpunta ako sa lobby, kinuha ko ang isang naka-park na wheelchair, at nang mapansin kong maraming doktor na nasa lobby ay sinadya kong magreklamo nang mataas ang boses, iyong maeeskandalo pati patay sa morge. “Anong klaseng ospital ito, wheelchair lang, ipinagdadamot ninyo sa amin!” At habang papunta sa ward ay ibinulalas ko ang lahat ng galit ko sa ospital na iyon. Lahat ng doktor, nars at mga taong masalubong ko, nakatingin sa akin. Ako naman, mag-isang nagtutulak ng wheelchair, namumula sa galit. Pagdating sa ward, mahinahon kong binuhat si Nanay, buong ingat na isinakay sa wheelchair, itinulak nang dahan-dahan ang wheelchair, at habang nasa corridor ay nakita kong bumababa sa hagdan ang admin officer na kahapon lang ay kausap ko tungkol sa mga reklamo ko sa ospital. Binalingan ko ang admin officer: “Ito, ito ang sinasabi ko sa inyo sa usapan natin kahapon. Napakairesponsable ng ospital na ‘to.” Tuloy-tuloy ako sa corridor, nakabuntot si Auntie, pati isa kong kapatid. Nai-park na ng isa kong kapatid sa harap ng ospital ang sasakyan na hiniram namin. Dahan-dahan naming isinakay sa sasakyan si Nanay. Nilapitan ng guard ang wheelchair sa tabi ng sasakyan. Binawalan ko nang malakas ang guard, iyong tiyak akong maririnig ng bayan ang aking galit. “Huwag mong hahawakan ang wheelchair na ‘yan!” Hinawakan pa rin ng guard ang wheelchair. Nang matiyak kong safe na sa pagkakaupo sa sasakyan si Nanay, hinabol ko ang guard, inagaw sa kaniya ang wheelchair. “Ako ang kumuha nito, ako ang magsosoli nito! Hindi ako tulad ng iba na hindi marunong magsoli ng gamit sa tamang lugar.” Napilitang bumitaw ng guard sa wheelchair. Ibinalik ko nang maayos ang wheelchair kung saan ko iyon kinuha.

Habang paalis ang sasakyan sa ospital, nakita ko sa side view mirror ng sasakyan ang maraming tao, pati mga doktor at nars na nasa lobby, na nakatingin sa paalis naming sasakyan. Kinausap ko ang mga tao sa salamin, sa loob-loob ko lang: sana, kayong mga nakatingin sa amin ngayon, huwag sana kayong lapastanganin ng ospital na ‘yan. Noong mga sandaling iyon, naging klaro rin sa akin ang isang bagay: hinding-hindi ako kailanman magpapadala sa ospital na iyon. Kahit iyon na lang ang ospital sa mundo, mas gugustuhin ko pang mamatay kaysa tratuhing parang patay sa ospital sa iyon.

Habang umaalis ay naalala ko kung paanong ni-rush ko sa ospital na iyon si Nanay. Napansin ko sa bahay na latang-lata si Nanay sa kaniyang kama, hindi kumikibo, hindi kumikilos. Wala noon ang nagbabantay kay Nanay, at ako lang ang mag-isang nasa bahay. Pero alam ko na ang ibig sabihin ng ganoong kondisyon ni Nanay, pero sa teorya lang, hindi sa totoong buhay. Kapag masyadong mataas ang sugar level, maingay, madaldal, magulo, balisa si Nanay. Kapag bagsak ang kaniyang sugar level, lupaypay si Nanay, halos parang patay. Pero dahil first time kong nakitang ganoon kalupaypay si Nanay ay natakot talaga ako. Sa panahong nasa ibang bansa ako ay laging ganito pala si Nanay. At noon ko rin nalaman na ganoon kabusisi ang pagbantay sa kaniyang kondisyon.

Nang mangyari nga iyon ay binitbit ko si Nanay. Pakiramdam ko ay parang patay na si Nanay. Habang binubuhat si Nanay ay siya namang dating ng nag-aalaga sa kaniya. Inutusan ko siyang tawagin si Nana Linda (ang asawa ng isang pinsan ni Nanay na ang bahay ay ilang bahay lang ang layo sa aming bahay). Agad na dumating si Nana Linda, kasama ang isa niyang anak na tumulong sa akin sa pagbuhat kay Nanay. Buti't nagkataong dala-dala ko ang van ng asawa ko, at iyon ang ginamit ko sa pag-rush kay Nanay sa ospital. Sina Nana Linda at ang pinsan ko ang umalalay kay Nanay sa sasakyan habang pinaharurot ko ang van sa highway, papunta sa ospital. Wala akong pakialam sa lahat ng traffic violations na ginagawa ko, bukod pa sa walang-humpay na pagbusina sa buong biyahe papuntang ospital. Ang importante ay mabilis na makarating sa ospital sa Pulilan, sa ospital na laging pinagdadalhan ko kay Nanay dahil iyon ang ospital ng kaniyang mga unang doktor, ang ospital na di magtatagal ay isusumpa ko.

Sa ospital ding iyon una kong nilinisan ng puwit si Nanay sa kaniyang higaan. Kasama rin sa nilinis ko ay ang kaniyang puwerta. Ito ay noong umuwi ako noong 2003. Ako ang bantay noon sa ospital, wala ang kapatid kong babae, at wala pang nars na nagpupunta sa kuwarto para linisin si Nanay. Nadumi si Nanay at kailangan na talaga siyang linisan. Hindi ko alam kung mahihiya ako kay Nanay habang nililinis ko ang mga pribadong bahagi ng kaniyang katawan. Hindi ko malilimutan ang malungkot na pakiramdam ng paglilinis na iyon. Aaminin kong nahihiya ako sa sarili ko nang nililinis ko na ang kaniyang puwerta. Ewan ko kung ano ang tingin ni Nanay sa ginagawa kong paglilinis sa kaniya. Alam kong doon ako dumaan noong ilabas niya ako sa mundo, pero malungkot iyon para sa akin, dahil parang dahan-dahan nang namamatay ang daluyan ng lahat ng kaniyang mga isinilang. Hindi ko

gusto ang pakiramdam na iyon, dahil pagpaparamdam ng kamatayan ang ipinaunawa sa akin ng paglilinis kong iyon sa katawan ni Nanay habang siya ay nakahiga sa kama, hindi makakilos, hindi kumikilos.

Wala kaming naging problema sa pagtrato kay Nanay sa nilipatan niyang ospital sa Quezon City, liban sa ilang kiskisan noong iniuwi na namin ang bangkay ni Nanay. Mula 2006, doon na paulit-ulit na na-confine si Nanay sa ospital na iyon. At doon din kinailangang putulin ang isang binti ni Nanay, above the knee. Mula noon hanggang nang mamatay si Nanay noong 2008, parang kurdong umbilikal na nakaugnay ang pusod ng ospital sa pusod ng aming bahay at ng aming mga buhay. Sabagay, mula pa naman noong ma-stroke si Nanay, pinagdugtong na ng kurdong umbilikal na iyon ang mga salikop ng bahay, ospital at nitso. Pakiramdam ko, pati buhay naming magkakapatid ay waring nasa nitso na rin.

Isang linggo bago unang putulin ang isang binti ni Nanay ay nakiusap sa amin si Nanay na gusto niyang magbakasyon sa Duyong, sa San Simon, Pampanga. Sa Duyong ipinanganak si Nanay, sa Duyong siya lumaki, bagamat sa Maynila siya nagdalaga at nagkaasawa. Nasa Duyong ang kaniyang mga pinsan, ang kaniyang mga kababata. Nasa Duyong ang mga nalalabi pa niyang ninuno. Dinala namin siya sa Duyong, kinupkop ng isa niyang pinsan. Iniwan namin ang lahat ng instruction sa pag-aalaga kay Nanay, ang oras ng pag-inom ng gamot, ang tamang pagche-check ng sugar level, ang oras ng pagche-check ng sugar level, ang tamang pag-iinject ng insulin, ang tamang pagkain ni Nanay, ang tamang oras ng kaniyang pagkain, ang wastong paglilinis ng mga sugat ni Nanay sa isa niyang paa, at lahat ng dapat malaman sa pag-aalaga ng isang bedridden na diabetic patient.

Isang araw ay may text message akong natanggap buhat sa Duyong. Kailangan ko na raw sunduin si Nanay, dahil tila namamaga ang isa niyang paa. Agad akong nagpunta sa Duyong. Nakita kong ibang-iba na ang isang paa ni Nanay. Magang-maga at parang hinog na hinog ang mga sugat sa pagitan ng mga daliri. Ilang taon naming inilagaan ang mga sugat na iyon at kailanman ay hindi naging ganoon kalala ang kondisyong iyon. Pero sa isang linggo lang na pagtira niya sa Duyong ay tila mabilis na lumala ang kaniyang kondisyon.

Ayaw ng pinsan niyang iuwi si Nanay dahil masaya daw si Nanay sa Duyong. Aaminin kong totoo naman iyon. Parang masayang-masaya talaga si Nanay sa piling ng kaniyang mga kababata at ninuno. Tinaningan na rin ng isang pinsan ni Nanay ang buhay ni Nanay. Ilang araw na lang

daw siguro ang itatagal ni Nanay. Sa katunayan ay nagdalawang-isip rin ako noon at tinanong ko ang aking sarili: saan ba talaga mas masaya si Nanay? Masaya siya sa Duyong, pero nasa Baliuag at Maynila ang mga posibilidad ng pagdurugtong ng kaniyang buhay. Pinagpasiyahan pa rin naming magkakapatid at magpipinsan na ibalik sa Baliuag si Nanay para mapatingnan siya sa kaniyang doktor. Noon ko rin nalaman na kung sa Duyong aabutin ng kamatayan si Nanay ay hinding-hindi namin maibabalik sa bahay sa Baliuag ang kaniyang bangkay, liban sa paglilibing, dahil may paniniwala ang aming mga ninuno sa Duyong na ang bangkay ay ibinuburol kung saang bahay siya namatay.

Iniwi ko si Nanay na punung-puno ng pasasalamat sa mga kamag-anak namin sa Duyong. Maaaring doon lumala ang sugat ni Nanay, pero tiyak akong hindi iyon gusto – at hindi iyon ginusto – ng aming mga kamag-anak doon. Kailanman ay hindi ako nagtanim ng anumang galit o pagtatampo sa aming mga kamag-anak doon, dahil tiyak ako sa aking loob na naging masayang-masaya ang kalooban ni Nanay sa lugar ng kaniyang kapanganakan at kabataan, sa piling ng iba pa niyang mga mahal sa buhay. Sa Duyong – kahit sa loob lamang ng isang linggo – ay tila muling nabuhayan ng loob si Nanay.

Hindi raw maaaring patagalin sa morge ang bangkay ni Nanay. Sa Capitol Medical iyon sa Quezon City noong 2008. Lumapit kami ng kapatid kong madre sa accounting office at sinabi namin na ni singko ay wala kaming maibabayad. Kahit magkano lang daw muna, puwede nilang tanggapin. Hindi kasi makapaniwala ang kausap namin na sa halos dalawang linggong pagkaka-I.C.U. ni Nanay ay parang wala kaming ginawang paraan para makalikom ng perang pambayad sa ospital. Sabi ko, kahit five thousand, wala kaming maibibigay. Halos P800,000 ang kailangang bayaran, puwera ang ibang mga pang-araw-araw na gastos ng pamilya kaugnay ng pagkakaospital ni Nanay. Mag-promissory note na lang daw kami. At kung may titulo ng lupang maaaring ibigay sa ospital ay dalhin daw.

Sa billing office naman, ang sabi sa amin, baka hindi nila kami mabigyan ng death certificate dahil kulang pa ang bayad namin – at wala pa nga raw kami talagang ibinabayad. Gusto kong magalit, pero tinimpi ko lang ang sarili ko. Ilang linggo na kaming rollercoaster ang emosyon, ayoko nang yugyugin pa ang emosyon ko ng mga ganitong usapin. Tahimik kong sinagot ang kausap ko. “Kung hindi ka magbibigay ng death certificate, ibabalik ko ang nanay ko sa I.C.U. kasi para sa iyo, buhay pa ang Nanay ko.”

Tulalang mukha ang iginanti sa akin ng kausap ko. Hindi ko iniaalis ang tingin ko sa kaniyang tingin. Muli akong nagsalita. “Kung ayaw mong mag-issue ng death certificate, paki-certify na lang na buháy pa ang nanay ko.” Malumanay ang pagsasabi ko niyon. Tulala pa rin ang kausap ko.

Nailabas din si Nanay sa ospital nang hapong iyon, kahit wala kaming ibinayad kahit singko. Pinayuhan ako ng kausap kong tulala na makukuha ko ang death certificate ni Nanay kinabukasan pa kasi tapos na raw ang office hours. Winarningan ko ang kausap ko, pero tahimik ang warning, malumanay ang aking boses. Sabi ko sa mamang tulala: “tiyakin mong tiyak ka na patay na nga ang Nanay ko, dahil kung hindi, ibabalik ko siya sa I.C.U. kahit dineklara na siyang patay ng mga doktor.” Tulala pa rin ang mukha ng kausap ko. Kahit ako, litong-lito na kung sino ang pinakaawtoridad sa kamatayan ng tao: ang Diyos, ang doktor, ang billing officer, ang representative ng accounting office? Ang Diyos nga, sumang-ayon na siguro sa mga doktor na patay na ang nanay ko, pero ewan ko kung bakit hindi iyon matanggap ng tulalang billing officer na kausap ko. Sino ba talaga sa mga diyos ng langit at lupa ang magpapatotoo sa kamatayan ni Nanay?

Bago rin umalis ng ospital ay kinausap uli namin ang accounting office. Ang kapatid ko nang madre ang pinagsalita ko. Sabi ko, mas paniniwalaan siya at baka mas maawa iyon sa kaniya. Naka-full costume ng pagkamadre ang kapatid ko noon. Sabi ko sa kaniya, hindi naman siguro iisipin ng accounting na nagsisinungaling ang mga madre. Kung ako kasi ay baka isipin lang na nagsisinungaling ako na wala kaming maipambayad kahit singko nang mga oras na iyon. Sabi naman sa akin ng kapatid kong madre na hindi naman daw niya gagamitin ang kaniyang pagkamadre para humingi ng awa o pang-unawa o iparamdam na hawak niya ang katotohanan. Sinabi rin niya sa akin ang kaniyang pangamba na baka hindi pa rin kami paniwalaan ng ospital. At kung magkaganoon, sabi niya, wala tayong magagawa. Talagang wala tayong magagawa, sagot ko, pero wala rin silang magagawa dahil talagang walang-wala na tayo.

Mas importante para sa akin na simulan na ang proseso ng pagluluksa. Ang hirap palang pagsabay-sabayin ang emosyon ng luksa, ng tinipong pagod at puyat, ng mga kimkim na poot sa mga nanamantala kay Nanay sa halos isang dekada ng kaniyang paghihirap, ng pagharap sa demands ng ospital, ng pagsusumamo na bigyan kami ng mahabang palugit na makapagbayad (nang hindi nawawalan ng respeto sa sarili), ng antispasyon ng muling paglapit sa PCSO (at ang maliit na asam na sana’y may maiabot uli sila sa

amin), ng pragmatikong pangangailangang maihanap agad ng punerarya si Nanay (nang walang hinihinging downpayment), ng konsensiya ng paghingi ng pera sa mga kaibigan (nang hindi nawawalan ng sariling dignidad), ng pagpapatatag ng sarili habang isa-isang tinatanggap ang mga pakikiramay ng mga dumarating na ilang kaibigan sa ospital noong mabalitaang namatay na si Nanay, ng kiming pagdulog sa mga local government officials na mag-eendoso ng malaking tulong na kailangan namin buhat sa PCSO, at ng napakarami pang salimbayan at konstelasyon ng iba't ibang antas, hugis at uri ng emosyon.

At noong dumating na ang mga kapatid ko sa ospital, inihatid ko sila sa morge para tingnan si Nanay.

Mainit sa morge, kaiba sa mga una kong imahen ng malamig na morge. Napaka-demeaning ng nakita ko. Nasa sahig ang bangkay ni Nanay, nakahiga sa isang manipis at makitid na stretcher, ibang-iba sa napapanood kong mga eksena sa morge. Nakataklob ng kumot ang nag-shrink niyang katawan. Bukod sa talagang parang lumiit at umimpis si Nanay, kinailangang putulin din ang natitirang binti ni Nanay ilang araw bago siya namatay.

Noong unang putulan ng binti si Nanay noong 2006 ay kinonsulta pa kami ng Capitol Medical kung iuuwi ang putol na binti o pahihintulutan naming iwan na lang iyon sa kanilang laboratoryo. Nagulat ako sa tanong na iyon dahil hindi namin inaasahan na iniuuwi rin pala ang putol na binti. Ganoon daw ang paniniwala ng iba nilang pasyente. Hinihiling ng iba na iuwi ang pinutol na paa upang mabigyan ng nararapat na paglilibing ang tinapyas na bahagi ng katawan. Pagbibigay-respeto daw iyon sa katawan ng mga mahal sa buhay, kahit buhay pa ang pinutulan ng paa. Pinagdesisyonan naming magkakapatid na iwan na lang sa laboratoryo ang binti ni Nanay. May pinapipirmahan sa akin ang ospital, isang consent form na nagbibigay ng karapatan sa ospital sa pinutol na binti ng aking nanay. Isa lang ang nirequest ko sa ospital, kung puwedeng makita ko ang binti ni Nanay bago ko pirmahan ang consent form. Dinala ako ng isang technician sa isang laboratoryo. Binuksan niya ang isa sa mga tila-refrigerator na aparato, humugot ng isang binti, at sinabing iyon ang binti ni Nanay. Pinagmasdan kong maigi ang frozen na binti ni Nanay. Naalala ko ang sinabi sa akin ng kaniyang doktor bago siya putulan: hahanap-hanapin daw ni Nanay ang kaniyang paa. Iyon daw ang magiging pakiramdam ni Nanay, na para siyang mumultuhin ng kaniyang sariling paa, para daw itong aninong paminsan-minsan ay gagambalain siya.

Kailanman ay hindi ko tinanong si Nanay kung nagparamdam sa kaniya ang kaniyang paa.

At hindi ko rin alam kung ano ang naramdaman ni Nanay noong malaman niyang puputulin na rin ang isa pa niyang binti noong halos nag-aagaw-buhay na siya. Ang alam ko lang, ayaw iyon ni Nanay, pero napapayag namin siya dahil iyon, ayon sa kaniyang mga doktor, ay kailangan na talagang gawin. Kahit naman iyong unang pagputol sa kaniyang binti ay hindi rin niya ginusto, hindi namin ginusto, pero natutuhan naming tanggapin, natutuhan niyang tanggapin, na kailangan iyong gawin.

Hinawi ko ang nakataklob na kumot sa katawan ni Nanay. Kahit payapa ang mukha ni Nanay, hindi ko gusto ang mukhang nakita ko. Mukha iyon ng kamatayan. Hindi iyon ang mukhang kilala ko. Muli kong hinalikan si Nanay, sa pisngi at sa noo. Malamig at matigas na ang mukha ni Nanay, di tulad ng halik ko sa kaniya kaninang tanghali noong katatantan lang ng mga doktor sa paghahabol sa kaniyang buhay.

Noong nasa I.C.U. si Nanay at habang napansin naming nakaka-recover na siya matapos maputol ang natitira niyang paa ay nagrequest si Nanay na iuwi na siya. Gustuhin man namin siyang iuwi ay hindi maaari dahil unstable pa rin ang kaniyang sitwasyon. Lalong hindi kami pumayag na iuwi siya nang ipakita sa amin ng kaniyang mga doktor ang likod ni Nanay: nangingitim, unti-unti na ring naagnas dahil sa ilang taon ng pagkakahiga. Muli, kamatayan ang nakita ko sa parang nabubulok nang katawan ni Nanay kahit buháy pa naman siya. Sabi ko sa sarili ko, dahan-dahan na ngang namamatay si Nanay. At sakali mang malampasan ni Nanay ang kasalukuyan niyang kondisyon ay baka ang buong pamilya naman ang hindi tumagal dahil tiyak ako, tiyak kami, na hindi na uubra ang kinasanayan naming pag-aalaga sa kaniya. Ibang antas na ng pag-aalaga ang kakailanganin ni Nanay.

Ewan ko, pero naiisip ko ngayon na sana ay pinagbigyan namin ang hiling ni Nanay na iuwi na siya. Siguro, mas gusto niyang mamatay sa sarili niyang bahay, hindi sa ospital, kundi sa bahay na ipinundar nila ni Tatay, sa bahay kung saan nila kami pinalaki, sa bahay kung saan naganap ang lahat ng saya at lungkot at galit at tuwa at hikbi at tampuhan at away at pagpapatawad at unawaan sa aming mga buhay. Pero sana ay naunawaan ni Nanay kung bakit hindi namin napaunlakan ang hiling niyang iyon.

Naaalala ko rin na may isa pa siyang kahilingan na hindi ko alam hanggang ngayon kung napagbigyan ng aking kapatid. Nasa Montreal ako noon at sinabi sa akin sa phone ng aking kapatid kung nasaan ang mga

photo albums ng kabataan ni Nanay, pati mga larawang hindi naka-photo album. Hinihiling daw ni Nanay na makita lahat iyon. Itinuro ko sa aking kapatid kung saan sa bahay nakatago ang mga iyon. Hindi ko lang alam kung naipakita ngang muli kay Nanay ang mga sariling gunita ng kaniyang buhay.

Nang mahawi ko ang kumot na nakataklob kay Nanay, ibinulalas ni Susan ang isang malakas pero impit na hagulgol. Si Susan ang kapatid na sumunod sa akin; siya ang tumayong panganay sa mahabang panahong wala ako sa Pilipinas habang dahan-dahang namamaalam, matagal na namamaalam si Nanay. Parang sa kung saang malalim na yungib nanggaling ang hagulgol na iyon. Tahimik kong pinagmasdan ang pagyakap niya sa namayapang katawan – at at sana nga’y payapang katawan – ni Nanay.

Hindi ko rin alam kung saang malalim at liblib na yungib ko hinugot ang lahat ng mga nagsasalungatang tahimik, humahagulgol, impit ngunit rumaragasang emosyong pinakawalan ko nang mga sandaling iyon.